# MGA DAPAT ALAMIN SA PAGPILI NG MGA NANGANGALAGA NG BATA

Ang mga magulang kung minsan ay may maraming opsyon sa pagpili ng mga nangangalaga ng bata. Ang uri ng pagpapa-alaga ay base sa ilang mga kadahilanan :

- bilang ng mga bata at kanilang edad
- araw sa isang lingo at oras sa isang araw na dapat pangalagaan ang bata
- katayuan ng pamumuhay, kultura, relihiyon at pananalita
- uri ng pangangalaga mayroon ang isang komunidad
- kakayahan ng inyong pamilya sa pagbayad
- kaalaman sa mga maaring pagpipilian sa pagpapa-alaga ng bata

Mas maraming kaalaman sa iba't-ibang uri ng nangangalaga ng bata, mas mahusay na makahanap ng mangangalaga na angkop sa inyong pangangailangan.

Ang pag-aalaga ay maaring gawin sa iyong tahanan, sa bahay ng nangangalaga o kaya sa sentro na nangangalaga ng bata. Karamihan sa uri ng nangangalaga ay may lisensya, ang iba naman ay sinubaybayan ng ahensya o kaya support network, at ang iilan ay pinamamamahalaan mismo ng kanilang mga magulang. Sa lahat ng mga ito, ang mga magulang parin ang responsible sa pagpili ng ligtas, mabuti at mahusay na pangangalaga ng bata at angkop sa kanilang sitwasyon at pangangailangan.

**ANG MGA PAGPIPILIAN**

Kung minsan nakakalito sa mga magulang kung nakakarinig sila ng iba't-ibang klase ng nangangalaga. Ang pagsasalarawang ito ng maaring pagpipilian ng pagpapa-alaga ay nakakatulong sa iyong pagbigay desisyon kung alin ang pinakamahusay at pinakamagaling sa nangangalaga. Mayroong "Provincial Child Care Subsidy" na binibigay sa karapat-dapat pagbibigyan na pamilya upang matulungan sa mga gastusin sa pagpapa-alaga.

<u>'In-Home Child Care'</u>

Ilan sa mga magulang mas gusto na ang "caregiver" ang pupunta sa kanilang bahay upang dito alagaan ang kanilang mga anak. Ang isang "in-home caregiver" ay maaring nakatira sa kanilang pamamahay o kaya pumupunta lamang sa kanilang bahay tuwing kailangan ng mag-aalaga.

Ang isang 'in-home caregiver' ay maaring tawaging 'nanny', 'au pair' o kaya ay 'babysitter'. Ang pangangasiwa sakanilang gagawin ay responsibilidad ng mga magulang. Ang isang tagapag-alaga ay maaring mayroon o walang pormal na training o kaya karanasan sa pag-aalaga ng bata. Napakahalaga na mabigyan ng sapat na panahon upang alamin ang 'background', estilo at pamamaraan ng ang isang 'caregiver' sa pag-alaga ng bata. Ang paghingi ng 'references' at 'criminal record check' ay isang magandang ideyana dapat gawin bilang magulang. Dapat magkaroon ng kapalagayang-loob at tiwala ang isang magulang na mabigyan ng magandang serbesyo sa pag-aalaga ang kanilang mga anak habang sila ay wala sa bahay.

Inirekomenda ang pagkakaroon ng isang kasunduan o 'written agreement' sa pagitan ng isang magulang at ng 'caregiver'.Ang kasunduang ito ang magsasalarawan ng araw at bilang ng oras sa pagtratrabaho,


Produced by Westcoast Child Care Resource Centre, www.wstcoast.org

This project is made possible through funding from the Government of Canada and the Province of British Columbia.

termino ng pangingimpleyo at responsibilidad ng magulang bilang employer. Para sa karagdagang kaalaman o impormasyon kung papa-anu gawin ang isang kasunduan, maaring humingi ng isang pamplet na tinatawag na “*Writing a Parent-Caregiver Agreement for In-home Child Care”.*

‘Licensed Family Child Care’

‘Ang Family Child Care’ ay nagbibigay serbesyo sa pag-aalaga ng bata sa mismong bahay ng isang ‘caregiver’ o tagapag-alaga. Kailangang may kaukulang permit o lisensiya galing sa ‘Community Care Facilities Licensing’ ang isang tagapag-alaga kung siya ay may ina-alagaang tatlo (3) o mahigit na mga batang walang kaugnayan sa kanya. Ang ‘Provincial regulations’ ay pumapahintulot sa pag-aalaga ng hanggang pitong (7) bata kasama ang mismong kanyang mga anak na may edad hanggang labing-tatlong (13)taong gulang. Ang mga bata sa ‘Licensed Family Child Care home’ ay maaaring may edad mula sa kapapanganak na sanggol hanggang labing dalawang (12) taong gulang. Ang regulasyon ang nagbibigay pahintulot sa bilang ng bata na aalagaan bawat grupo ng kanilang edad, gaya ng mga tinatawag na ‘infants’, ‘toddlers’, ‘preschoolers’, at iba pa.

Upang magkaroon ng lisensiya ang isang tagapag-alagakinakailangang mapatunayan niya na kanyang natugunan ang lahat na kinakailangan sa ‘provincial regulations’ para sa pagiging isang ‘Licensed Family Child Care’. Ang ‘Licensing Officer’ ay siyang mag i-interview sa tagapag-alaga,magsagawa ng pagsisiyasat sa mga ‘references’ at doktor, seguraduhing ang mismong tagapag-alaga at lahat ng nasa kanyang pamamahay ay may ‘clear criminal record’ at mag-aaproba ng espasyo ng isang lugar na pag-aalagaan ng mga bata. Kinakailangang ang tagapag-alaga ay nakapagtapos ng 20-oras na pagsasanay o training, maaaring ang ito ay isang ‘introductory family child care training course’, at nagkaroon ng isang katibayan na siya ay may ‘first aid certificate’.

Responsibilidad ninyo bilang magulang na alamin ang background ng isang tagapag-alaga, kanyang kakayahan o karanasan at mga patakaran upang makahanap o makapili ng isang mahusay na mag-aalaga sa inyong mga anak. Ang pagiging bukas sa bawat isa at palagiang komunikasyon ay nakakatulong sa mga magulang at tagapag-alaga na maintindihan at mapanatili ang tiwala sa isa’t –isa. Ang pagbisita ng ‘Licensing Officers’ sa isang lisensyadong ‘family child care providers’ ay nakakatulong sa mga magulang na maramdaman may sumusuporta sa kanila sa pag-monitor sa kanilang mga anak.

‘Registered License-Not-Required Family Child Care’

Dito saBritish Columbia, hindi nangangailangan ng lisensya ang isang tagapag-alaga kung siya ay nag-aalaga lamang ng isa o dalawang bata na walang kaugnayan sa kanya. Ito ay tinatawag na ‘license-not-required child care’. Ang isang ‘License-not-required’na tagapag-alaga ay madalas nag-aalaga ng isa o dalawang bata na may edad mula 0 hanggan labing-dalawag (12) taong gulang kasama ang mismo ang kanyang mga anak.

Ang ‘Registered License-Not-Required (RLNR)’ na mga tagapag-alagaay may patunay na natugunan nila ang lahat ng mga kinakailangan ng lokal na ‘Child Care Resource and Referral Program (CCRR)’. Ang mga ito ay ang sumusunod:

- ‘A criminal record check’
- ‘References’



This project is made possible through funding from the Government of Canada and the Province of British Columbia.

- ‘A home health and safety assessment’
- ‘A physician’s report’
- ‘First aid training’
- Pagtatapos sa isang “Introductory family child care course” na pinakamababa may 20-oras
- Patuloy na paglahok sa “professional development workshops”

Bagaman ang CCRR’s ay nagbibigay suporta sa “Registered LNR’s”, ang mga magulang pa rin ang siyang mag-monitor sa pangangalaga ng kanilang mga anak. Importanteng puntahan din ang iba pang mga ‘‘registered caregivers” at alamin ang kanilang mga estilo at pamaraan sa pag-aalaga ng bata bago gumawa ng desisyon kung saan magpapa-alaga. Maaring hingan ng patunay o katibayan ang isang tagapag-alaga na siya ay isang rehistrado sa isang “local Child Care Resource and Referral Program”.

<u>“License-Not-Required Family Child Care”</u>

Ang “License-Not-Required”na tagapag-alaga ay maaring hindi nakarehistro sa “Child Care Resource and Referral Program”. Sila ang mga tinatawag na “unlicensed” o kaya “informal caregivers”. Maaring mayroon o kaya’y wala silang pormal nakaranasan sa pag-aalaga ng bata. Ang pag monitor sa pag-aalaga ng ganitong uri na inpormal ay responsibilidad ng mga magulang. Kailangan mong alamin hangang maari ang background ng isang tagapag-alaga at ang kanyang estilo o pamamaraan ng pag-aalaga ng bata. Tanungin ang isang tagapag-alaga kungsiya ba’y nagkaroon ng training o karanasan sa pag-aalaga ng bata at tanungin ang mga kakilala niya. Ito ay nakakatulong na maseguro na ang inyong anak ay mapangalagaan ng wasto.

<u>“Licensed Group Child Care”</u>

Ang “Group Child Care”ay ibinibigay ng mga lisensiyadong “child care centres”na kung saan ang mga bata dito ay nakapangkat ayon sa kanilang edad. Ilan sa ito ay nagbibigay ng pag-aalaga sa mga sanggol (hanggang 18-buwan ang edad), Ilan para sa mga “ toddlers” (19 hanggang 36 na buwan ang edad), Ilan sa mga batang may edad 30-buwan hanggal edad ma maaari nang mag-aaral,ang iba para sa mga nag-aaral na may edad hanggang 12 taon gulang. Ang mga pasilidad, kagamitan at tauhan ay tumutugon sa mga standards na pinapairal ng “Provincial Child Care Regulation”. Sila rin ay binibisita ng “Child Care Licensing Officers”. Karamihan ng mga bata sa “group care programs”ay pumapasok ng mga ilang oras lamang bawat araw, mula Lunes hanggang Biyernes.

Habang karamihan sa mga “licensed group child care programs” ay halos magkakatulad, ang bawat sentro ay may kanyang sariling estilo o pamamaraan sa pag-aalaga ng bata. Pagka bumisita ka ng mga “group care programs”, makikita mo ang pagkakaiba ng kanilang pamamaraan at pag organisar ng mga programa.Ikaw ang may responsible sa pagpili ng isang “licensed group care program” na naaangkop sa iyong anak at angkop sa iyong sitwasyon. Kagaya ng mga naibang klaseng mga nag-aalaga, kailangan mong patuloy na i-monitor ang pag-aalagang natanggap ng iyong bata sa sentro ng nangangalaga na inyong pinili.

<u>“Licensed Preschool”</u>

Ang “Preschools” ay isang lisensiyadong part-timenaprograma para sa mga batang may edadna 30 buwan hanggang sa edad na sila ay magsimulang mag-aralat pumapasok mula dalawa hanggang limang


This project is made possible through funding from the Government of Canada and the Province of British Columbia.

beses sa isang lingo, umaga o hapon mula dalawa hanggang apat na oras. Ilan sa mga "preschools" ay nagbibigay ng hiwalay na mga programa para sa 3 hanggang 4 na taong gulang, habang ang iba naman ay para sa magkakahalong mga edad. Ang mga pasilidad, kagamitan at tauhan ay tumutugon sa mga standards na pinapairal ng "Provincial Child Care Regulation". Sila rin ay binibisita ng "Child Care Licensing Officers". Ilan sa mga "preschools"ay nangangailangan ng partisipasyon ng mga magulang sa kanilang mga programa sa iilang mga sandali o oras.

Nakakatulong ang pagbisita sa iba't-ibang ''preschools" bago magdesisyon kung alin sa mga ito ang makapagbigay ng angkop na mga programa para sa iyong anak. Pagmasdan ang bata sa kanyang "preshool" habang siya ay nag-aadjust at walang lihim na kakausapin ang mga tauhan ng "preschool" na pinapasukan tungkol sa mga bagay na nakapag-bigay ng pag-alala.

"Licensed School Age Child Care"

Ang "Licensed School Age Child Care Programs" ay nagbibigay ng pag-aalaga samga bata sa mga oras pagkatapos ng pasukan. Ilan sa mga programa ay nagbibigay ng pag-aalaga bago at pagkatapos ng pasukan, habang ang iba naman ay sa mga oras lamang pagkatapos ng pasukan.Isang buong araw na pag-aalaga ang ibinibigay sa mga pagkakataong may bakasyon o araw na walang pasukan.

Ang "School age programs" ay pinapamalaan ng mga taong may edad 19 gulang at nakapagtapos ng 20 oras ng pormal na training sa pag-alaga ng bata. Ilan sakanilang mga tauhan ay may "School Age Child Care Certificate" o "ECE certificate" o kaya may kaukulang edukasyon at karanasan sa pagtratrabaho sa isang pamilya. Ang mga pasilidad, kagamitan at tauhan ng "School Age" ay tumutugon sa mga standards na pinapairal ng "Provincial Child Care Regulation". Sila rin ay binibisita ng "Child Care Licensing Officers".

Pwede mong kakausapin ang mga tauhan o kawani ng "school ageprogram " nang sa ganong pamaraan magkaroon ka ng tiwala sa uri ng pag-aalaga sa iyong anak. Responsibilidad mong panatilihin ang bukas na kumunikasyon sa mga tauhan patungkol sa bagay na may kinalaman sa pag-aalaga ng inyong anak.

**Kailangan mo ba ang Karagdagang Impormasyon?**

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagpili ng kalidad na nangangalaga ng bata, humingi ng mga sumusunod na pamplet:

- "Choosing Child Care"
- "Selecting an In-Home Caregiver"
- "Parent's Guide to Selecting Child Care"

Tumawag sa "Enquiry BC" upang malaman ang inyong "Local Child Care Resource & Referral" sa numerong:
1-800-663-7867 or 604-660-2421

O kaya mag log-on sa "Ministry of Child and Family Development" online:
http://www.mcf.gov.bc.ca/childcare/index.htm


Produced by Westcoast Child Care Resource Centre, www.wstcoast.org

This project is made possible through funding from the Government of Canada and the Province of British Columbia.